Christine Marie Lim Magpile

# SM Stop-Drop and Shop!

Hilig kong pumasyal sa Mayon. (Hindi ito ang bayan sa Albay na malapit sa bulkan kundi ang kalye sa Lungsod Quezon.) Sa totoo lang, wala namang magandang tanawin dito katulad sa Bicol. Ang makikita mo lang ay kalsadang daanan ng malalaking sasakyan, mga itinatayong gusali at ilang lumang bahay. Pero, pumupunta pa rin ako rito dahil ako'y nalilibang na tumambay sa aming tindahan.

Hindi naman kalakihan ang aming tindahan. Ngunit hindi rin naman ito talagang maliit kagaya ng isang sari-sari store. Tama lamang ang laki; parang grocery store. Pero kapag naiisip ko ang pangalan ng tindahan naming, "The New Mayon Market" (Ehem, promotion!) ay nanliliit ako lalo na kung ihahambing mo ito sa SM Supermarket at Rustan's Super Store (Wala nga namang panama ang "new" sa nakakabit na "super!")

Pero marami pa rin ang bumibili sa aming tindahan. Tindahan kasi namin ang pinakamalapit. Siyempre (economic) friendly sa neighborhood. Walang hassle sa trapik dahil kayang lakarin. Malaking katipiran pa sa gasolina at pamasahe.

Dahil halos lahat ng paninda ay mayroon kami at bukas rin ng beinte

kuwatro oras, madaling makatatakbo (ng saklolo) sakaling magkaroon ng "emergency situation" sa bahay. Halimbawa: Nais ng naglilihi mong misis na kumain ng dilis with de-latang mais. Kaso alas-onse na ng gabi.

Isa pang kagandahan ng aming tindahan ay ang pagbebenta namin ng tingi. Sa hirap ng buhay ngayon, hindi na kayang bumili ng tao ng isang buo. Nagtitinda kami ng tinging papel. Tatlong piso ang isang set ng sampung pirasong papel. Nagtitinda rin kami ng pira-pirasong biskuwit (pero hindi naman iyong dinurog-durog), tinging mantika, pati na rin nga palito ng posporo at hibla ng sinulid.

Ang karaniwang laman ng aming tindahan ay iyong madalas bilhin ng mga tao tulad ng sigarilyo, softdrinks, sabon, shampoo, suka, mantika, itlog, sardinas, at noodles. Nagtitinda rin kami ng tissue, bolpen, sobre, at pandikit dahil madalas itong kailanganin ng tao.

Ngunit hindi lahat ng hinahanap ng mga tao ay itinitinda namin tulad ng gamot dahil sa botika talaga ang bilihan noon. Wala rin kaming tindang sandwich o kaya'y isang tasang kape at platitong pansit.  Hindi naman kasi kami karinderya. Akala kasi ng iba, may tinda kaming meryenda. Kapag may handaan kasi sa amin, may ilang bisita na sa tindahan na pumupuwesto dahil medyo masikip sa loob ng bahay.

Hindi rin kami nagtitinda ng alak at beer kahit na malakas ito. Ayaw kasi ng lolo ko na maging tambayan ng mga lasenggero ang aming tindahan.  Doon din kasi ang bahay ng aking Lolo. Sa taas sila nakatira at ang tindahan naman ay nasa baba.

Hindi rin kami nagtitinda ng mga gulay, prutas, isda at karne dahil sa palengke mabibili ito. Pero nagtitinda rin kami kahit paano ng pansahog tulad ng sibuyas, bawang, patatas, at kamatis pati pampalasa gaya ng asin, asukal, at paminta. Minsan, may isa talagang makulit na mamimiling naghahanap ng ampalaya at labanos. Mabuti at kapapamalengke lang ng Lolo ko. Napilitan tuloy si Lolo na ibenta ang

kaniyang pinamili na kalalagay niya lang sa refrigerator.

Pangkaraniwan na sa mga tindahang tulad namin ang pagtitinda ng bigas at gasul. Mayroon kaming iba't ibang uri ng bigas—mabato, malagkit, wagwag at dinorado. *(Note to Customer: Ang puting bigas lang ang magandang isaing.)* Nagtitinda rin kami ng iba't ibang tatak ng gas—Shellane, M-Gas at Starflame. *(Note to Customer: Katulad ng sardinas, pare-pareho lang ang laman nito.)* Libre pa namin itong ihahatid hanggang sa kusina ng mamimili (kasama na rito ang pag-check at pag-install) basta ba itatawag lang. Maaari ring itext. Iyon nga lang, ang maghahatid ay de-padyak. Medyo may kabagalan rin ang maghahatid lalo na kung lubak-lubak ang kalsadang dadaanan. Pero magagarantiyahan naming maihahatid naman iyon sa loob ng isang araw.

May kondisyon nga pala ang tindahan namin sa paghahatid: Kung may aso, dapat kasing laki lang ng chihuahua at dapat bungalow lang ang bahay. Muntik na kasi dating makagat ng aso ang Tiyo ko dahil nakawala pala iyong pitbull at doberman. May nagpahatid rin dati sa twelfth floor ng isang condominium. Sabi ng kostumer, magbibigay siya ng malaking tip, iyon pala, sira kasi ang elevator.

Isa pa sa nagugustuhan ng mga suki namin ay nagpapautang kami. Inililista namin ang pangalan nila at iyong inutang na paninda. Sa araw ng suweldo ang bayaran.

Kaya rin siguro maraming bumibili sa aming tindahan ay dahil hindi kamahalan ang mga paninda namin. May iba kasing tindahan na doble kung magdagdag ng presyo. Kaunti lamang kaming magpatong sa presyo ng halaga. Ang katwiran ni Lolo, ang barya-baryang tubo ay kita rin.

Isa pang gusto ng aming mga mamimili ay parating bago ang paninda namin. Hindi kalawangin, amoy amag at mukhang pagmamay-ari ni Tutankhamen o nahukay sa lupa.

Dahil sa kakaibang karisma at pamamaraan ng pagtitinda ng mga

tiyo ko habang nagbabantay, maraming bumibili sa amin. Sa tuwing may bumibili, parati silang nakangiti at palakaibigan. Ganito nga iyong isa kong tiyo kapag may bumibili, "Ano ba ang atin pare?" "O, isang suka para kay Miss Beautiful." "Nanay, sige po ingat po kayo." "O, boy, hinay-hinay sa pagkain ng kendi." Maalaga at maasikaso sila sa kostumer.

Sa tinagal-tagal ko sa pagbabantay ng aming tindahan, nalaman kong may iba't ibang uri pala ng mamimili. Mayroong mga mamimili na hindi mo mawari kung saksakan ng kuripot o nagtitipid lang ba. "Miss, ano ang pinakamura ninyong sardinas? Iyan ba 'yung sardinas na with 10 grams more? Sige, tama na siguro iyong isang sardinas. Malaki naman ang lata kaya kakasya sa apat na tao."

Mayroon namang mga mamimili na ubod ng arte. "Miss, puwedeng papalitan itong pera ko nang puro coins? (Minsan, papel naman!) "Gusto ko 'yung puro bago!" (Bakit kaya walang may gusto ng puro luma?) "Puwede bang pakidoble 'yung plastik baka kasi mabutas?" (Bakit wala kayang nagsasabi kung puwede bang huwag na lang ilagay sa plastik dahil bibitbitin na lang nila?)

May isa pang uri ng kaartehan sa mga mamimili. Iyon bang tipong, " Miss wala na ba kayong ibang shampoo kundi *Rejoice*?" Tapos, isa-isa niyang ipapalabas kung anong shampoo pa ang tinda. Paghihintayin ka pa habang pinag-iisipan kung bibili na lang ng ibang tatak. Pero sa huli, lilipat rin naman pala ng ibang tindahan. (Punyemas! "Wag siyang magkakamaling dumaan muli sa aming tindahan dahil sisiguraduhin kong basag ang makapal niyang mukha.)

Kung tutuusin, pare-pareho lang naman ang mga produktong iyan! Sa pangalan lang nagkaiba. Mas sikat at guwapo lang ang modelong kinuha ng isang kompanya. Sardinas din iyon ano? Matutunaw din iyan sa tiyan mo! Kahit ba naman *Palmolive* ang bilhin mo kung hindi ka naman magsusuklay ay wala ring bisa. With wings o walang wings,

doon mo rin ilalagay iyon at itatapon din pagkatapos.

Sa pagbabantay ko sa tindahan, nakikilatis ko na rin ang katayuan sa buhay ng mamimili. Ang mayabang este mayamang kostumer ay nakaporma, mamahalin ang suot at nakaalahas. Bukod doon, English-speaking pa at nakakotse rin (Wow, Mercedez, kahapon Jaguar ah!) Madalas, may kasamang alalay na tagabitbit. Bago at malulutong na pera ang inaabot galing sa makapal niyang imported wallet. Tinatanong ng mayamang kostumer kung tumatanggap ba ng credit o atm card ang tindahan. Karamihan sa mga pinamili niya ay mga branded products. Kung baga sa toothpaste, *Colgate* at hindi *Crust* (fake version ng *Crest*). Kung baga sa tsokolate, *M&M's* at *Hershey's* at hindi *Nips* o *Chocnut*. Kung de lata naman ay corn beef at luncheon meat at hindi sardinas. Kahon-kahon ang kaniyang pinamimili at hindi lang basta pasupot-supot.

Mahirap lamang ang bumibili kung halos lukot at mapunit na ang perang iniabot sa iyo. Iyon bang tipong parang nasabugan ng asido ang mukha ng mga bayani dahil hindi mo na sila makilala. Tapos, puro scotch tape pa ang gilid. Hiráp siyang kumuha ng pera sa wallet at ingat na ingat itong ilabas. Minsan, wala pa ngang wallet at kung saang supot lang ito nakalagay. Itatanong pa niya sa iyo kung may sukli pa ba siya at kung mayroon, bibilangin pa. Minsan, titingin pa siya sa sahig at maghahanap ng mga nahulog na pera na maaari niyang maibulsa.

Mahilig siyang magbayad ng barya, puro ba tigpipiso. (Salamat naman at di tigbebente-singko.) Noodles ang madalas niyang bilihin. Pero, hindi iyong nasa cup kundi iyon bang nakaplastik na tiglilimang piso. Pagdating sa de lata, sardinas ang madalas niyang bilhin. *Hakone* ang tatak at hindi *Century* tuna. Pagdating sa tsitsirya, "generic" tulad ng *Chippy* o *Boy Bawang* at iba pang hindi kilalang tatak ng junk food na nuno ng alat. Madalas, nakatsinelas o sando lang (daster kapag babae) ang suot niya kapag bibili. Minsan pa nga, iyong mga siga ay walang

pang-itaas kung bumili.

Bawat mamimili ay may kani-kaniyang trip. May isa kaming kostumer na ipinalalagay sa plastik ang softdrink. Hindi iyon iinom ng nasa bote o lata. Iyong isa naman, ayaw uminom ng malamig na softdrink. May isa naman kaming suki na *Skyflakes* at juice ang agahan, tanghalian at hapunan. (Pero, mukhang hindi naman siya nagdidiyeta.) Mas gusto ng isa naming kostumer ang *Halls* kaysa sa *Maxx* dahil mas maanghang daw ito. Iyong isa naman, *Dynamite* candy ang gusto dahil kinokolekta niya raw ang wrapper nito.

Bawat kostumer pala ay may kani-kaniyang kuwento. Madalas kasing ginagawang tambayan o tagpuan (at maging taguan) ang aming tindahan. Halos matanggal ang tainga ng tinedyer naming kostumer dahil sa pingot ng kaniyang nanay. Nakita kasi niya ang kaniyang anak na naninigarilyo. Pagkatapos, naglitanya ang butihin niyang ina sa kasamaang dulot ng paninigarilyo (Pero, minsan nakita ko silang magkasama sa drug store at bumili ng condom.)

Ilang mga magulang na rin ba ang nagtanong-tanong sa amin kung nakita ba namin ang kanilang anak na may kasamang dyowa o naglalakwatsa? (Bakit kaya walang anak na nagtatanong kung ano ang nakikita naming ginagawa ng magulang nila? Naku, pihadong marami kaming maitsitsika.)

Mayroon ding mga di-malilimutang eksena sa aming tindahan. Nariyan ang mala-action movie na insidente. May dalawang lalaking nagtangkang holdapin ang aming tindahan. Naglabas ng patalim ang isang mama. Ang isa naman, akmang may huhuguting mahaba sa tagiliran. Buti, listo ang Lolo ko. Nakuha niya agad ang kaniyang shotgun na nakatago sa ilalim ng kaha. Buti, nakatawag ng tanod ang mga kapitbahay. Ayon, kinuyog ang dalawang holdaper.

Mayroon ding drama. Nakakakonsensiya talaga ang mga humihingi

ng abuloy o limos dahil may namatayan, nasunugan, at walang pamasahe pauwi. Nakakaawa naman ang mga walang muwang na pusang nasagasaan. (Buti naman at wala pang tao.)

Siyempre, mayroon ding thriller/adventure katulad ng mga sasakyang nagbanggaan. Kalimita'y sa amin nagtatanong kung sino ba ang may kasalanan. Ilang habulan na ba ang nakita ko: May habulan ng isnatser at ng mga taong may dalang tipak ng bato; may habulan rin ng mga batang naglalaro. Ang aso at pusa pati daga ay nakikisama rin sa habulan. (Sana, sa susunod, ibon naman para maiba-iba.)

Mayroon din ngang pang-*Funniest Home Video*. Ilang beses ko nang napagpalit-palit ang pinamili ng mga kostumer. Nakakalito kasi minsan. May mga magkakamukha kahit hindi naman sila magkamag-anak. (Hmmm, baka anak sa labas o clone?) Iyong iba naman ay may pagkakapareho tulad ng pagiging ngongo (walang halong biro), bungal, kirat, at may tatlong ilong (Joke!)

Ilang ahente at maglalako na ang nagpunta sa aming tindahan upang mag-alok ng kung ano-anong hindi mo malamang produkto. Nariyang alukin ka ng floor mop na puwede ring gamitin sa kisame at dingding; sabong napakabula kahit walang tubig; plantsang hindi nakakapaso at iba pa.

Maraming tao na rin ang nagtanong sa amin ng direksiyon kung saan papuntang Bulacan, Afghanistan o Mars. (Biro lang ang dalawang huli!) May ilan ring nagpupunta sa amin at nagtatanong kung maaari ba kaming kuning isponsor sa advertisement. (Whoah, parang ang laki ng tindahan namin!)

Kapag wala pang bumibili, paborito kong sumagot ng crossword puzzle habang nagbabantay. Naging bihasa na nga ako rito. Nakakatapos ako ng dalawampung crossword puzzle sa isang upuan lang. Dati, nanonood ako ng telebisyon o kaya'y nakikinig ng radyo. Pero itinigil ko na ito. Nagmumukha kasi akong may sayad kapag nakita ako ng

kostumer na umiiyak o tumatawa nang mag-isa. Nadadala rin ako minsan ng tugtugin sa radyo kaya napapaindak ako nang wala sa oras. May mga pagkakataong hindi ko gustong magbantay sa aming tindahan. Ayaw kong magbantay kapag masyadong maraming bumibili dahil masikip at maingay. Naaabala nila ako sa pagsagot ng crossword puzzle. Pero siyempre, madalas, mas gusto kong maraming bumibili dahil malakas ang kita. At ayaw ko rin namang magbantay kapag kakaunti lamang ang bumibili dahil nakakabato at nakakabagot.

Kung marami akong pagsusulit o takdang-aralin, walang sinuman ang makakahila sa akin sa pagbabantay ng tindahan. Malulugi ang aming tindahan kapag pinagbantay ako ng pagod. Baka maubos ko kasi ang laman ng tindahan sa kakatsibog.

Ang pinakagusto ko sa lahat ng karanasan ko sa tindahan, ay kapag bumibili ang crush ko. (Ha'ay, Dear Joe…) Kapag bibili siya, gusto kong ako ang nasa kaha. Ayoko ng tipong tagaabot ng paninda dahil "wa-poise." Masaya ring magbantay sa tindahan kapag panahon ng Pasko, piyesta, at eleksiyon. Marami kasing nagbibigay ng kung ano-ano: kalendaryo, sticker, pagkain, at pera. At nakakaaliw makakita ng mga ati-atihan, parada, sagala, at welga.

Marami akong naging realisasyon sa pagbabantay ko sa tindahan. Dati-rati, marami ka pang mabibili sa isandaang piso. (Mga limang nagpuputukang supot ang puwedeng mabitbit.) Ngayon, ang isang libong piso ay kulang pa. (Pambili lang ito ng dalawang prepaid na load sa cellphone na kakasya lamang sa palad at liparin ng hangin.)

Kahit na maglagay pa ang tindahan ng commercial sa TV o ad sa diyaryo, malulugi't malulugi pa rin ang negosyo kung walang perang pambili ang mga tao sa lugar na iyon. (O kaya, wala naman talagang tao roon dahil liblib.)

Ang mahalaga lang pala sa napag-aralan ko sa matematika ay

bumilang at alamin kung magdadagdag, magbabawas, magmumultiply, at magdi-divide. Hindi ko naman nagagamit ang mga pamatay na cosine, algebra, at logarithm sa pagkuwenta kung kumikita o nalulugi ba ang aming tindahan.

Bukod sa kasipagan, ang katapatan ay mahalagang puhunan sa tindahan. Maaari ka kasing matuksong kumupit ng pera o takaming kumain. Dapat masayahin at bibo ang tumatao sa tindahan. (Pihadong babalik ang kostumer kasi maaalala niya ang tinderang magiliw kahit nabagsakan siya sa paa ng isang kahang softdrinks.)

Nalaman kong hindi naman talaga kinakailangang kumuha ng kursong Commerce o Business sa kolehiyo para magkaroon ng negosyong tindahan. Ang Lolo ko nga hindi naman nakatapos ng elementarya pero may tatlo na siyang tindahan.

Mayroon bang "secret formula" upang makapagnegosyo at makapagpatayo ng sariling tindahan? Ang sabi ng lolo ko: "Iyan ay matutuklasan mo sa iyong mga karanasan sa tindahan."

Ano pang hinihintay, pumunta na sa aming tindahan! (Uy, plugging uli!) Libre pa ang makipaghuntahan at makipagkaibigan. (Wow, hanep sa marketing strategy. May bargain pa!) Pero, bago muna makipagkuwentuhan, dapat ka munang bumili. (Siyempre, malamang! Dahil kung tatambay ka lang, pihadong patay ka sa aking Lolo!)

Ang pamagat ay hindi isang paid advertisement ni Henry Sy. Kung "Shoemart" at "Super Market" ang SM ni Henry SY, ang ibig sabihin ng SM namin ay, "Store Mayon" (dahil ito'y nasa kalye ng Mayon.) Nangangahulugan rin itong "Super Mura" (hindi "Sobrang Mahal") kaya, you can "Save More." Sa kasalukuyan, pang "Suki Market" muna ang aming tindahan. Pero, balang araw, magpapatalbugan ang lolo ko at si Henry Sy sa pagkakaroon ng "Super Mall."